# Ulós

V. III Setyembre 19[illegible]



# ULOS

V, III, SETYEMBRE, 1983

## NILALAMAN

**Dagli**

Mga Bata sa Sonang Gerilya — 2

**Maikling Kwento**

Karne ni Kris Montanez — 15

Sa Pagbubukang-liwayway ni Angel Fuerte — 21

**Komiks** — 25

Ang Batang Rebolusyonaryo

Salaysay

Tapang ng Dalawang Bata Sa Harap ng Pasistang Bangis (halaw) ni Ka Viejo — 34

Tula

Lunti at Kalawang ni G. Granate — 40

Pagbubuksan Ka ng Pinto ni Berting — 42

**Kanta**

Kakantahin Ko ang Abakada ni Ka Arnol — 43

**Sining at Panitikan sa Sonang Gerilya**

Pinayayabong ng mga Magsasaka Ang Rebolusyonaryong Sining at Panitikan ni Leo Leandro — 49

**ANG PABALAT:** Inilalarawan ang isang kilos-protesta ng mga bata sa kanayunan laban sa karahasang militar. Sila ma'y dumaranas din ng paghihirap at pagsasamantala sa ilalim ng diktadurang EU-Marcos. Kayat tulad ng kanilang mga magulang at kapatid, ang mga bata, mula 7 hanggang 14 na anyos, ay organisadong kumikilos para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at isulong ang armadong pakikibaka.

**Dagli**

# Mga Bata Sa Sonang Gerilya

SI MARCIAL



SI VIOLY



SI DANTE



SI TOTOY



# SI MARCIAL

Isang umaga, si Marcial ay patungo sa kanilang kaingin para maghukay ng kamote. Nakapatong sa kanyang balikat ang bareta na kabibili lang ng kanyang ama sa bayan. Tahimik na sumusunod ang kanyang asong si Bravo habang tinatawid nila ang makitid na daan sa ibaba ng bundok.

"Kunin mo ang pinakamalalaking kamote para sa mga kasama." Ito ang bilin ng kanyang ama kahapon bago ito umalis patungong kabayanan. Bibili siya ng ilang pangangailangan ng mga kasamang nagkakampo sa bundok. Bukas na ang balik nito.

Ang kanyang ama ay kumikilos bilang komo*. Ang kanilang baryo ang pinakamalapit sa kasalakuyang pinagkakampuhan ng mga kasama. Ang kanyang ama ang pinagkatiwalaang umakyat-bumaba para sa anumang pangangailangan sa suplay at komunikasyon ng mga kasama.

"Sana'y isama ulit ako ni ama sa susunod na pag-akyat niya," ang bulong ni Marcial sa sarili.

Paliku-liko ang daang patungo sa kaingin. Humuhuni si Marcial ng mga rebolusyonaryong kantang natutuhan niya sa kampo habang itinatapak ang kanyang paa sa mga batong mamasa-masa pa sa hamog.

Pagawi si Marcial at ang kanyang aso sa may ilog. Susundan nila ang ilog paitaas.



Hinawi ni Marcial ang malalaking pako sa gilid ng ilog nang biglang magkakahol si Bravo. Sinaway siya ni Marcial pero nagpatuloy lang sa pagkahol, hintakot na ikinaway-kaway ang buntot at ayaw tuminag sa kinaroroonan.

Kinabahan si Marcial. Ibinaba niya ang bareta, itinukod ito sa kanyang tabi at luminga-linga sa paligid. Maraming puno sa bandang ito ng gubat. Walang kagalaw-galaw ang mga dahon. A, ang naisaloob ni Marcial, marahil ay may ahas na naamoy si Bravo.

"Bravo!" ang tawag niya sa aso para ipagpatuloy ang kanilang paglalakad. Itinaas niyang muli ang bareta nang mula sa masinsin na mga puno ay maglabasan ang mga unipormadong sundalo. May isang iskwad sila.

Nakakasa ang kanilang mga baril. Sinigawan siya ng isang sundalo para lumapit siya sa kanila. Pagkalapit niya ay hinablot sa kanya ang bareta. Kinapkapan siya, ibinaligtad ang dalawang bulsa ng kanyang *short pants*.

"Ano ang ginagawa mo dito?" ang singhal ng pinunong sundalo.

"Pupunta po sa aming kaingin, *sir*," ang banayad niyang sagot. "Maghuhukay po ng kamote."

"Para sa mga NPA?" ang singhal ulit ng sundalo, sabay sundot ng dulo ng M-16 sa kanyang tagiliran.

"Hindi po, *sir*," ang sagot ni Marcial. "Ititinda ng nanay ko sa sentro."

"Saan ang bahay ninyo?"

"Doon po, *sir*, sa ibaba ng bundok."

"May kapatid kang NPA, ano?"

"Wala po, *sir*. Mga bata pa po kaming lahat."

"Sinungaling ka, ano?" At tinadyakan siya ng sundalo. Mabigat ang botas ng sundalo. Natimbuwang si Marcial. Kumahol si Bravo at uungol-ungol na lumapit kay Marcial.

Ang aso ang pinagbalingan ng mga sundalo.

"Pati itong aso, NPA na rin," ang kanilang kantyaw habang dinidilaan ni Bravo ang kamay ni Marcial. Kinuha ng isang sundalo ang bareta at hinampas ang aso sa ulo. Tumilamsik ang dugo sa t-sirt ni Marcial. Nangisay ang aso. Muling hinampas ng sundalo ang ulo. Nang masiguradong patay na ito ay hinawakan ng sundalo sa dalawang likurang paa ang aso at kinaladkad papasok sa masukal na lugar ng gubat, dala-dala ang bareta. Nagkakatuwaang sumunod ang iba pang sundalo para tumulong sa pagluluto ng kanilang pulutan.

"O, ano pa ang ginagawa mo diyan?" ang singhal ng sundalo. "Sige, maghukay ka na ng kamote. At dito ka ulit magdaan pag-uwi mo. Titikman natin ang kamote!"

Dahan-dahang tumindig si Marcial. Masakit ang kanyang pigi. Nagsimula siyang lumakad patungo sa gilid ng ilog. Nakatapak na siya sa mga bato at agos ng ilog nang lumapit sa kanya ang sundalo, nakatutok sa kanya ang baril. Babarilin siya!

Sa kauna-unahang pagkakataon ay nakaramdam siya ng takot.

"Huwag po ninyo akong patayin, *sir*!" Umiyak na siya.

Humalakhak ang sundalo. "Hindi kita papatayin," anya, "pero sa isang kundisyon: huwag mong sabihin kaninuman na nakita mo kami dito! Papatayin namin ang nanay at tatay mo, susunugin namin ang bahay at tanim ninyo pag nagsalita ka!"

"Hindi po, hindi po!"

Tumalikod na ang sundalo. Nang mawala ito sa sukal ng gubat at saka muling lumakad si Marcial, pasalungat sa banayad na agos ng mababaw na ilog.

Namimigat ang kanyang mga paa. Nanghihinayang siya sa pagkawala ng bareta, na importante sa pagtatanggal ng nakabaong mga ugat sa lupa, sa pagbubungkal ng kamote at kamoteng kahoy.

Wala na si Bravo. Madalas niyang kasama ang kanyang aso sa pangangahoy sa gubat, sa paghuli ng ibon, sa pagpunta sa kaingin. Kasama niya si Bravo nang unang isama siya ng kanyang ama sa kampo ng mga Pulang mandirigma.

Hinaplos niya ang kanyang t-sirt na natigmak sa dugo ni Bravo. Parang ang ungol nito ay muli niyang naririnig sa salpok ng tubig sa bato ng papataas na ilog.

Umahon siya. Binagtas niya ang makitid na daang paakyat na ng bundok. Ikinubli na siya ng bundok, hindi na siya makikita ng kaaway. Ang mga walang-hiyang PC! Unti-unting bumabangon ang galit sa kanyang dibdib habang iniisip niya ang ginawa ng mga ito sa kanyang aso, ang kanyang pagkatakot na papatayin siya ng mga ito . . . A, darating din ang araw ninyo!

Mainit ang sikat ng araw sa umaga. Binilisan niya ang kanyang paglalakad kahit kumikirot ang kanyang pigi. Ang araw ay parang apoy na gumagapang sa patag na bahagi ng bundok. Apoy . . . .

Natigilan si Marcial. Susunugin daw ang kanilang bahay kung sasabihin niya kahit kanino na may kaaway sa ibaba ng bundok. Papatayin ang kanyang mga magulang . . .

Nagtatalo ang kanyang kalooban. Kung hindi naman niya maipaabot sa mga kasama sa kampo ang balita, baka hindi sila makapaghanda sa paglusob ng kaaway. Maaaring sa tanghaling-tapat sila lumusob, tulad ng ginawa ng

may isandaang PC sa kabilang baryo sa isang bahay na pinagpupulungan ng ilang kasama doon. Madaling makaabot kina Marcial ang ganitong mga balita, bastat tungkol sa mga kasama.

Ang tatay niya, ano kaya ang kanyang gagawin? tanong ni Marcial sa sarili. Madalas mabanggit ng kanyang tatay sa kanila, bago umalis ng bahay kung may dadalhin sa mga kasama sa kampo o saanmang baryo sa loob ng sonang gerilya: "Ang mga sulat ng kasama ay kailangang makarating agad sa kanila, sa araw man o sa gabi. Ang bagal ay maaaring magbunga ng peligro para sa mga kasama at sa masa. Kayat kailangang ang mga balita ay makaabot sa kanila sa tamang oras."

Nangiti si Marcial. Binilisan niya ang kanyang paglakad, papataas ng bundok. Kailangang hindi mahuli ang kanyang balita.

**Komo*. Gawaing may kinalaman sa komunikasyon at suplay.

## SI VIOLY



Kasalukuyang hinahalungkat ng mga sundalong PC na nakagwardya sa tsekpoynt ang bakol ng gulay ni Nana Pacing, nang dumaan sina Violy at ang kanyang mga kaeskwela. Huminto sila para magmasid.

Bastat araw ng pasukan ay dumaraan sina Violy sa tsekpoynt dahil ang kanilang eskwelahang elementarya ay nasa kabilang baryo. Wala naman silang dala kundi kaunting notbuk at tig-iisang libro. Hindi sila pinapansin ng gwardya.

Araw-araw ay nakikita ni Violy ang karaniwang tagpo sa tsekpoynt. Kinakapkapan ang mga taumbaryo, babae o lalaki, binubuksan ang kanilang dala-dalahan para sa anumang bagay na mapagdudahang sa NPA. Ang mahulihan ng anuman ay binubugbog o pinagtatrabaho sa kampo sa buong maghapon. Ang mapapakinabangang mga bagay ay kinakamkam ng mga sundalo.

May natatanging pag-aalala si Violy kay Nana Pacing. Sa ilalim kasi ng kanyang bakol ay may ilang gamot at maliliit na kasangkapang medikal na kailangang makarating sa mga kasama sa kabilang baryo.

"Walang laman kundi gulay ang bakol ko, *sir*!" ang pamimilit ni Nana Pacing nang ilang talong at kalabasa na lamang ang nalalabing nakapatong sa gamot.

Hindi siya pinansin ng sundalo. Patuloy nitong inaalis ang mga gulay hanggang tumambad ang mga gamot at gamit-medikal na nakabalot sa plastik.

"Para sa apo ko ang gamot, *sir*!"

"Sinungaling ka, tanda!" ang singhal ng sundalo kay Nana Pacing, sabay tulak sa matanda. Sumadsad sa baku-bakong kalsada ang matanda. Dali-daling tumulong sina Violy para makatindig ang matanda.

Kinuha ng sundalo ang mga gamot, heringgilya at ilan pang gamit, inilagpak sa kanyang harap at pinagtapak-tapakan ng kanyang botas.

Tinulungan nina Violy si Nana Pacing na ilagay ulit ang lahat ng gulay sa bakol, pero nang bubuhatin na lamang niya ito ay sininghalan siya ng sundalo.

"Hoy, tanda! Hindi mo madadala iyan! Siguradong pati 'yang mga gulay na 'yan ay para sa mga NPA din!"

Nangatwiran si Nana Pacing na ilalako niya ang mga gulay sa kabilang baryo, pero hindi na siya pinakinggan ng sundalo.

"Kayong mga bata, ano pang ang ginagawa ninyo diyan. Sige, lakad na! Baka gusto n'yong makulong sa kampo!"

Mabilis na nag-isip si Violy.

"E, *sir*," ang sabi ni Violy, "sasamahan muna naming umuwi si Nana Pacing. Nahihirapan 'ata siyang maglakad."

Hindi na sila pinansin ng gwardya. Ipinatabi sa kanyang mga kasamang



sundalo ang bakol ng gulay at hinarap naman ang isang magsasakang may sunung-sunong na kaing ng mangga.

Nagmumura si Nana Pacing sa daan hanggang makarating sila sa isang bahay na tinutuluyan ng mga kasama.

"Ay, *kadua,* nakita nila ang mga gamot sa bakol ko!"

"Ano kaya ang pinakaligtas na paraan?" ang nababahalang tanong ng mga kasama. "Kailangang mailipat natin sa kabila ang mga gamot at kasangkapan para mula doon ay maipadala ang mga ito sa mga kasama sa bundok."

"Kami ang magdadala!"

Nagtinginan ang lahat kay Violy.

"Kasi," ang paliwanag ni Violy, "ang matatanda lang ang iniimbistiga sa tsekpoynt, ang mga bata, hindi. Tulad namin, araw-araw kaming dumadaan sa tsekpoynt, pero hindi niririkisa ng mga sundalo ang dala-dala namin."

"Pero paano ninyo madadala ang mga gamot, e, wala kayong bag?"

"Isusuksok namin sa panti!"

Nagtawanan ang lahat. Pero tama si Violy.

At ganoon nga ang ginawa ng mga magkakaeskwela. Mula sa taguan ay inilabas ang mga gamot at gamit-medikal. Pinili ang dapat maunang ipadala at ang mga ito ay maayos at maingat na isinusuksok sa mga panti ng mga batang babae. Maluluwag ang kanilang baro at sa kanilang pagkakatayo ay walang mahahalatang di pangkaraniwan sa kanilang katawan.

Natutuwang nag-aalala ang mga kasama at si Nana Pacing habang inihahatid ng tanaw ang papalayong magkakaeskwela.

Dahan-dahan ang paglalakad ng mga bata, nag-iingat para walang malaglag sa anumang nakasuksok sa kanilang panti. Sa tsekpoynt ay hindi sila pinansin ng dating gwardya. Nang makalampas sila ay binulyawan sila nito.

Kinabahan ang magkakaeskwela.

Lumingon si Violy. "Bakit, *sir*?" ang nangangamba niyang tanong.

"Bilisan n'yo ang lakad!"

Nakahinga sila nang maluwag. Gayunman'y hindi nila binilisan ang kanilang paglakad. Huli na sila sa klase pero makararating ang mga gamot na kailangan ng mga kasama sa kampo.

# SI DANTE



Isang M-14 ang nakasandal sa dinding ng maliit na silid ng bahay nina Dante.

"Iwanan mo na 'yan," ang sabi ng ina ni Dante sa kanyang tiyo nang mag-akmang isasakbit nito ang baril sa balikat. "Baka tambangan pa tayo dahil sa baril na 'yan." Kinuha ng kanyang ina ang baril at dinala sa kwarto.

Sabay-sabay silang umalis nang umagang iyon, ang kanyang ama't ina at ang kanyang tiyo. Dadalawin nila ang isa pang kapatid nito sa isang baryo sa bulubunduking bahagi ng bayan. Mamayang gabi na sila makababalik sa poblasyon kayat pinagbilinan si Dante ng kanyang ina na tumao sa bahay.

Nagbabakasyon sa kanila ang kanyang tiyo nang ilang araw bago mag-report sa kampo ng PC sa probinsya. Dito siya idinidistino pagkaraang magpalipat-lipat sa mga probinsya sa Mindanaw, Kabisayaan at Gitnang Luzon.

Dalawang oras ang layo ng baryo ng kanyang tiya mula sa poblasyon kung nakasakay sa dyip. Kung lalakari'y may apat na oras. Noong isang tao'y doon nagbakasyon si Dante, pagkatapos ng unang taon niya sa hayskul. Maraming puno doon, mangga, kaimito, suha, bayabas at niyog. Minsan, habang nasa itaas siya ng punong mangga ay may nakita siyang dumarating isang maliit na armadong pangkat. Huminto ang mga ito nang makita ang kanyang mga pinsan at masigla silang nakipagkwentuhan. Inabutan sila ng kanyang mga pinsan ng mga manggang hinog. Pagkaalis nila'y tinanong niya kung sino ang mga iyon. "Iyon ang mga NPA!" ang may pagmamalaking sagot ng isa niyang pinsan. Sa bayan man ay matagal nang naririnig ni Dante ang tungkol sa mga NPA, pero noon lamang siya nakakita ng mga Pulang mandirigma. Matanda lang sila nang kaunti sa akin, ang nasaisip niya noon.

May mga gabing tumutuloy ang ilang Pulang mandirigma sa bahay ng kanyang tiya. Bagoong man ang ulam ay ganado silang kumain. Hindi nila pinapayagang ang kanyang tiya ang maghugas na ng pinggan. Maaga silang umaalis ng bahay.

Noong nagbabakasyon si Dante ay nagkataong nagdaraos ng kampanya ang mga organisasyong masa laban sa "normalisasyon." Ang kabataang nag-aaral sa hayskul at kolehiyo sa bayan o sa Maynila ay pinakilos sa gawaing propaganda nang sa gayo'y maipaliwanag sa mga magsasaka ang kabulukan ng plebisito't eleksyon. Hindi man siya taga-baryo'y sumali na rin si Dante. Dumadayo sila sa mga baryo para ipalabas sa mga magsasaka ang inihanda nilang pagtatanghal laban sa "normalisasyon." Marami siyang natutuhang kanta. Isa na rito ang "Jing jing, para jing jing"

Jing jing, para jing jing
PC, pulis bulding
Awan laban da
No umili ti kasango da
(Jing jing, para jing jing
PC, pulis bulok
Walang laban sila
Kung masa ang kabangga nila)

Tagumpay ang kampanya. Buu-buong baryo ang hindi bumoto. Gayunman, isang araw bago umalis si Dante pabalik sa poblasyon ay napabalita ang ginawang pagkubkob ng kaaway sa isang bahay na kinalalagyan ng mga Pulang mandirigma. Ang balita ay natanggap ng isang grupo ng mga Pulang mandirigma habang nasa bahay ng kanyang tiya.

"Limampung PC ang lumusob sa bahay na pinagpupulungan ng pitong

Pulang mandirigma," ang malungkot na pagbabalita ng pinuno ng pangkat. "Isang kasama ang napatay. Nakuha ng kaaway ang kanyang M-14."

"Walang-hiyang mga PC 'yan!" ang pagmumura ng kanyang tiya. Isinama na rin niya sa kanyang pagmumura ang kanyang kapatid na PC na tiyak na nakapatay na rin ng mga kasama sa ibang lugar.

Ito ang laman ng pag-iisip ni Dante hanggang magsimulang dumilim. Malapit na silang dumating, ang pagpapagunita niya sa sarili. Kailangang kumilos agad.

Kumuha siya ng isang sako sa kusina at pagkatapos ay nagtuloy sa maliit na kwarto. Nandoon ang M-14. Binuhat niya ito. May kabigatan, pero kaya niya. Sinipat niya ang baril sa papalamlam na liwanag ng araw. Hinangaan niya ang makintab na metal, ang mahabang magasin na puno ng bala, ang makinis na puluhan. Pinagmasdan niyang mabuti ang puluhan; may mga letrang iginurlis doon. Ang mga letra'y bumubuo ng pangalan ng mga probinsya: Cotabato, Zamboanga, Samar, Tarlac, Isabela. Sa bawat lugar na ito'y nakapatay siguro ng mga Pulang mandirigma at masa ang kanyang tiyo. At, ang mapagpasyang naisaisip ni Dante: mula ngayo'y hindi na ito matututok ng kanyang tiyo sa mga kasama.

Mabilis niyang binalot ng kumot ang M-14, isinilid sa sako at mahigpit na tinalian iyon. Madilim na paglabas niya ng bahay. Tiniyak niya ang direksyon ng baryo ng kanyang tiya, ipinwesto sa balikat ang nakasakong baril at halos patakbong binagtas ang malawak na bukirin. Habang tinatawid niya ang mga pilapil ay ngumingiting tila bituin ang isa niyang hangarin: ang makita ang isang Pulang mandirigma habang iginugurlis sa puluhan ng M-14 ang pangalan ng kanilang probinsya, kasunod ng tatlong letrang NPA.



# SI TOTOY



"Totoy! Totoy! Halika nga rito sandali!"

"Nariyan na po, Itay!" ang masiglang sagot ni Totoy.

Dali-daling lumakad si Totoy patungo sa kanilang bahay. Sa loob-loob niya'y alam niyang may mahalagang iuutos ang kanyang ama. Hindi kaila sa kanya na maaga pa'y dumalaw sa kanila sina Ka Obet at Ka Romy, dalawa sa mga kasamang kumikilos sa kanilang baryo. Masinsinan ang pakikipag-usap ng mga kasama sa kanyang tatay.

"Ano po iyon, Itay?"

"Mamayang hapon," ani Mang Sendong habang maingat na binabalot sa plastik ang isang maliit na sulat, "dalhin mo itong sulat kina Ka Igme. Sabihin mong ito'y para kina Ka Dario. Mahalagang makarating agad ito sa kanya. Mag-ingat ka at huwag na huwag mong ipakikita itong sulat kahit kanino."

"Opo."

Inabot ni Totoy ang sulat at maingat na isinilid sa bulsa ng kanyang korto. Kinapa pa niya ito upang tiyaking naibulsa na nga.

"O sige, maghanda ka na't baka mahuli ka pa sa klase. Mag-ingat ka," ang muling paalala ni Mang Sendong.

Habang daa'y naaalala ni Totoy si Ka Dario. Hindi iilang beses na napadaan ito sa kanila kasama ng iba pang mga mandirigma. Madalas niya itong makakwentuhan at napag-alaman niyang galing din ito sa isang mahirap na pamilya, tulad niya. Bata pa raw siya nang magsimula siyang kumilos, nag-umpisa siya sa paghahatid-hatid ng mga sulat para sa mga kasama.

Kahit bata pa'y malinaw na kay Totoy ang ipinaglalaban ng rebolusyonaryong kilusan. Ang kanyang ama na kasapi ng KPM* sa kanilang baryo ay hindi nagkulang sa kanya sa pagpapaliwanag ng mga adhikaing ipinaglalaban nito. Madalas nga nitong masabi na ang rebolusyon ang tanging makapagpapabuti sa kanilang hikahos na pamumuhay, kasama ng kanilang maralitang kababaryo. Hindi na rin naiiba ang pagtingin niya sa mga kasama. Tinitingala niya ang mga ito bilang nakatatandang kapatid. Marami na siyang nakilalang mga kasama ngunit natatangi ang pagtingin niya kay Ka Dario. Si Ka Dariong mahilig makipagkwentuhan sa kanya, si Ka Dariong handang sumagot sa lahat niyang mga katanungan.

"At ngayo'y makikita ko silang muli," pabulong na nasabi ni Totoy sa sarili.

Hindi nagtagal ay natanaw na ni Totoy ang kanilang paaralan. Ang paaralan ay nasa sentro ng baryo. May dalawang kilometro ang layo nito sa kanilang bahay. Mula sa kanyang kinatatayuan sa may malaking daan, kitang-kita ang yerong bubong nito sa gitna ng kumpol ng mga puno ng niyog. Sa tapat nito'y may maliit na burol; dito dumadaan papunta sa sityo nina Ka Igme.

Buong umaga'y di mapakali si Totoy. Kahit sa klase'y iniisip pa rin niya ang pakikipagkita kina Ka Dario. Hindi iilang beses niyang kinapa ang bulsa ng kanyang korto upang tiyakin na nandoon pa ang sulat.

Hindi napansin ni Totoy ang pagdating ng isang lalaki sa kanilang silid. Malaking lalaki, matipuno ang pangangatawan, maitim at maiksi ang buhok. Sa kanyang baywang ay nakabukol ang puluhan ng baril. Naghintay ito sa may pintuan ng kanilang silid. Bago lumabas ang titser ay pinagbilinan niya ang mga estudyante.

"Klas," anya, "pagkatapos ninyo ng *seatwork*, ipasa ang lahat ng papel kay Totoy. Totoy, dalhin mo ang mga papel sa akin sa upisina ng prinsipal."

Maya-maya pa'y masayang lumabas ng klasrum si Totoy. Malapit nang matapos ang klase; makakatuloy na siya kina Ka Igme.

Natigilan siya. May dalawang lalaking nakatayo sa tabi ng isang dyip sa harap ng paaralan. Hindi niya namumukhaan ang mga lalaking ito.

Nagpatuloy siya ng paglakad papunta sa silid na tinukoy ng kanyang guro. Papasok na lamang siya nang marinig niya ang pagsasalita ng isang lalaki. "Tulad ng nabanggit ko, Miss Alonzo," anya, "may nag-tip sa amin na madalas dumalaw ang mga NPA diyan sa kabilang sityo. *Infiltrated* daw iyan. Balak naming sonahin ang lugar bukas ng madaling araw. Narito ang ilang pangalang gusto naming itsek sa iyo."

Hindi makakilos si Totoy. Nakarinig na siya ng kwentuhan ng mga

kasama tungkol sa pagpasok ng mga militar sa isang malapit na baryo, at pang-aabuso't pambubugbog nila sa mga taumbaryo. Hindi niya inakalang maaaring mangyari ito sa baryo nila.

"O, nariyan ka na pala, Totoy," ang pansin ni Miss Alonzo.

"Oho, ibibigay ko lang ho itong mga papel." Pilit niyang itinatago ang takot sa kanyang boses.

"Iwanan mo na lang diyan at makababalik ka na."

Inilapag ni Totoy ang mga papel sa ibabaw ng mesa. Tiningala niya ang malaking lalaki. Hindi siya pinansin nito.

Nagmamadaling lumayo si Totoy. Bumaba siya ng gusali, sa may likuran.

"Kailangang mapagsabihan ko agad ang mga kasama," naibulong niya sa sarili. Ngunit naalala niya ang dalawang lalaking nakatayo sa may dyip.

"Malamang ay kasamahan sila ng lalaking kausap ni Miss Alonzo," ang nasaisip ni Totoy. "Paano kung pigilin nila ako't matuklasan ang dala-dala kong sulat? Hindi dapat matuklasan ang sulat. Kailangang makaisip ako ng paraan."

Tumingin si Totoy sa kanyang paligid. Wala siyang makita kundi lupa, mga bato at ilang palapa ng niyog na nahulog sa lupa. Pumulot siya ng maliit at malapad na bato. Kumuha siya ng dahon sa palapa ng niyog. Ninipisan niya ang dahon. Maingat niyang inilabas ang sulat, ipinakat iyon sa bato at ipinulupot ang dahon sa paligid nito. Ibinuhol niya nang mahigpit ang magkabilang dulo ng dahon.

Gumawi siya sa harap ng paaralan. Naroroon pa ang dalawang lalaki sa tabi ng dyip. Ipinukol niya ang batong may sulat. Lumakad siya patungo sa lugar na nilagpakan nito. Maingat niyang tiningnan ang dalawang lalaki. Pinulot niya ang bato at muli itong ipinukol sa may malaking daan sa harap ng paaralan. Hindi pa rin siya pinansin ng mga lalaki. Marahan siyang lumapit sa bato. Sinipa niya ito. Muling sinipa. Nagpatuloy siya sa pagsipa sa bato hanggang matiyak niyang hindi na siya makikita ninuman mula sa paaralan.

Pinulot niya ang bato at mabilis na nagtatakbo paakyat sa burol. Hindi siya tumigil ng pag-akyat. Pagdating saituktok ng burol, nakahinga si Totoy nang malalim. Sinilip niya ang paaralan, ibinulsa ang batong may sulat at lumakad patungo kina Ka Igme.

*KPM: Komiteng Pang-organisa ng mga Magsasaka.

MAGKASABAY halos na napabangon sa higaan sina Ka Andong at ang binatilyong si Ador nang magkakahol ang aso sa kabilang bahay. Kinapa ni Ka Andong ang kanyang .45 sa may ulunan at sinenyasan si Ador na manatiling tahimik. Dahan-dahan silang gumapang patungo sa dinding na nakaharap sa kabilang bahay at sumilip sa maliliit na butas.

Maliwanag ang paligid. Nasa kabilugan ang buwan. Ilang oras na lang at susungaw na ang araw sa silangan.

Limang armadong lalaki ang nasa harapan ng kabilang bahay. Nakatutok ang mahahaba nilang baril sa bahay. Ang isa sa kanila ay dahan-dahang lumapit sa may hagdan at pabulyaw na pinalalabas ang sinumang nasa loob ng bahay.

MAIKLING KWENTO

# KARNE



Parang kilala ni Ador ang boses ng lalaking iyon. Gayunma'y nanatili siyang walang kibo, nakapako ang mata sa labas.

Bumukas ang pinto at lumabas ang isang babae, balisang-balisa, hawak-hawak ang nakasinding gasera. Lumangitngit ang hagdang kawayan nang umakyat ang lalaki. Tinamaan ng liwanag ng gasera ang kanyang mukha.

Nagtinginan sina Ka Andong at Ador.

Ang lalaking iyon ay si Julio, ang amain ni Ador.

"Nasaan si Pedring?"

"Wala siya rito, *sir* . . ."

"Itinatago mo ang asawa mong subersibo, ano?" ang singhal ng amain ni Ador, sabay kabig sa babae na napahandusay sa sahig. Iniumang ng lalaki ang kanyang M–16 sa nakabukas na pintuan at nagpaputok ng sunud-sunod, nakatuon ang bunganga ng baril sa madilim na higaan.

Nagsisigaw ang nakahandusay na babae at paggapang na sumugod papaloob ng bahay. Bago siya nakapasok ay pinaputukan siya ng lalaki.

Nang umalis ang limang armadong lalaki ay wala na ring asong kumakahol.

WALANG TIGIL ang pagpatak ng luha ni Ka Pedring habang ibinabalita ni Ka Andong nang umaga ring iyon ang nangyari sa kanyang mag-anak. Nakapaligid sa kanila ang ilang magsasakang aktibista na nag-uublag* sa gilid ng bundok tuwing gabi. Sa araw lamang sila bumababa ng baryo para asikasuhin ang gawain sa bukid at organisasyong masa. Ilang linggo na nilang ginagawa ang pag-uublag dahil sa madalas na pambubulabog sa baryo ng mga pasistang sundalo. Nagsimula ito nang iligpit ng organisadong masa ang mapang-abusong katiwala ng malaking panginoong maylupa na siyang may-ari ng halos lahat ng lupang sakahan sa baryo at mga kanugnog. Dagdag pa sa pangyayaring ito ang matatagumpay na tambang na isinagawa ng mga Pulang mandirigma sa mga baryong sakop ng distrito.

"Inaasikaso na ng mga taumbaryo ang mga bangkay," ang matimping pagpapaliwanang ni Ka Andong. "Sa araw ng libing, magmamartsa ang mga tagabaryo para ipahayag ang pagtutol sa pamamasista ng militar."

"Magbabayad din ang mga pasistang iyan balang araw!" ang bulalas ng isang magsasaka.

"Hindi magtatagal at magbabayad ang isa sa kanila!" ang hindi napigilang paniniyak ni Ka Andong. Makahulugan niyang tinapunan ng sulyap si Ador, ang binatilyong kuryer.

"Pagbabayaran nila hindi lamang ang bagong kalapastanganang ito," ang pagpapatuloy ni Ka Andong, "kundi ang iba pa, pati ang pagpatay nila sa ama ni Ador."

Mahigit ng isang taong patay ang tatay ni Ador. Isang gabi'y dumating ang mga sundalong PC sa kanilang bahay, magpapasama raw sila sa kanyang ama sa pagtawid sa kabilang baryo. Hindi na nakabalik ang kanyang ama. Ilang araw ang nakaraan bago nakita ang bangkay nito, nabubulok sa pagkakabitin sa isang punongkahoy sa gubat.

Lihim ang pagkilos ng ama ni Ador bilang kalihim ng grupo ng Partido sa loob ng samahan ng mga magsasaka sa baryo. Siya ang namuno sa pagpaplano ng kampanya para sa pagpapababa ng upa sa lupa sa sakahang ari ng malaking panginoong maylupa na siya ring nagmamay-ari ng mga sakahan sa baryo nina Ka Pedring.

Kasama sa grupong iyon si Julio.

"AKO ang pinunong pampulitika ng grupo na kinabibilangan ng iyong ama at ni Julio," ang pagpapaliwanag ni Ka Andong kay Ador nang mapag-isa silang dalawa pagkakain ng tanghalian.

"Nang mamatay ang iyong ama," patuloy ni Ka Andong, "ayaw nang dumalo ni Julio sa grupo. Natatakot na raw siya. Ayaw na rin daw niyang manatiling kasama sa bukid. Dahil marunong naman siyang magkwenta at mahusay ang bokadura, siya'y naging magbababoy.

"Mula noo'y pagala-gala siya sa mga baryo para bumili ng baboy, na ipinagbibili naman niya sa bayan. Humusay ang kanyang kalagayan sa buhay.

"Tulad ng dati, nagpapatuloy pa rin siya ng mga kasama sa kanilang bahay. Sa isang panahon ay nagbibigay pa nga siya ng impormasyon tungkol sa kaaway na nasasagap niya sa mga baryong pinaggagalaan niya, o kaya'y sa bayan. Ipinaaabot niya kung may konsentrasyon ng kaaway sa bayan, o kaya'y may pangkat ng PC na umiikot sa mga baryo. May nakakaibigan pa raw siyang mga sundalong PC sa bayan, at mula sa kanila ay nakakabalita siya ng kanilang mga plano.

"Dahil wala pa naman kaming nakikita sa kanyang pagkilos na nakapipinsala sa rebolusyon ay pinapayuhan na lang namin siyang mag-ingat sa pakikipagtrato sa kaaway at paglilibut-libot sa mga baryo.

"Gayunman, sa panahong ito ay naging kapuna-puna ang pagiging makilos ng mga sundalong PC sa ating distrito. Tukoy na tukoy nila kung sino sa mga magsasaka at kabataan ang kumikilos sa mga baryo. Marami na silang nakulong sa kampo, ang ilan ay pinatay ng lihim.

"Kung minsan, lumalapit ang masa kay Julio para magpatulong sa paghahanap ng kanilang nawawalang asawa o anak. Di nga ba't may mga kaibigan siyang sundalong PC sa bayan? Binibigyan siya ng masa ng pera para sa pasahe't pagkain; pagbalik niya, ibabalita niyang 'Oo, nakita ko sila sa kampo, buhay pa sila'. Pero kapag nagpunta naman ang masa sa kampo, wala doon ang kanilang hinahanap.

"Kinalauna'y naging madalas ang pagdalaw ni Julio sa inyo. Lumigaw siya sa nanay mo. Wala pa halos isang taong namamatay ang tatay mo nang magpakasal sila.

"Alam mo na ang nangyari mula nang tumira siya sa inyo."

Tumangu-tango si Ador.

"Pareho nating nakita kaninang umaga," ang pagwawakas ni Ka Andong, "ang walang-kapatawarang krimen na ginawa ng iyong amain laban sa rebolusyonaryong kilusan. Hindi malayong may kinalaman din siya sa naunang mga pamiminsala sa masa at sa rebolusyon. Malalaman natin ang lahat ngayong gabi."

Maya-maya pa'y nagpaalam si Ka Andong kay Ador at sa mga magsasaka para iulat ang pangyayari sa mga kasamang nagkakampo sa mataas na bahagi ng malapad na bundok. Kailangan ding isangguni ang nararapat na hakbang para mabigyan ng katarungan ang pamilya ni Ka Pedring.



HUMIGA si Ador sa damuhan, nakapatong ang ulo sa tumpok ng tuyong dahon. Binubuo niya sa kanyang isip ang pagkakakilala niya sa kanyang amain.

Totoong mas mahusay ang kalagayan nina Ador ngayon kung ikukumpara sa kalagayan nila noong buhay pa ang kanyang ama, laluna nang mamatay ito. Hindi na kinailangang magtrabaho sa bukid sina Ador at ang kanyang ina para mayroon silang makain at ang dalawa pa niyang nakababatang kapatid. Laging puno ang palabigasan, at madalas ay karne ang ulam. Parang laging may pera ang kanyang amain.

Gayunman, hindi nakuntento ang mag-ina sa ganitong kalagayan. Dahil kasabay ng kaluwagan sa pamumuhay ay ang paghihigpit sa kanilang pagkilos sa rebolusyon. Pinagbawalan sila ng amain ni Ador na lumahok sa organisasyong masa sa baryo o kumilos sa anumang kampanyang masa. Pumirmi na lang daw sila sa bahay at tumulong sa kanyang hanapbuhay.

Ang amain ni Ador ay hindi tulad ng kanyang tatay. Noong nabubuhay pa ang kanyang tatay, ito pa nga ang nagpapasigla sa pagkilos nilang mag-ina. Noon, madalas na ang laman ng kanilang usapan sa bahay ay ang kalagayan at pagkilos ng masa at mga kasama, at ang pag-unlad ng rebolusyon, hindi lamang sa kanilang probinsya kundi sa iba pang lugar sa buong kapuluan. Minsa'y isinama pa nga siya ng kanyang ama sa bundok na pinagkakampuhan ng mga kasama. Noon niya unang nakilala si Ka Andong, pero mukhang siya'y kilalang-kilala na nitong huli. "Bata pa ito'y kuryer na!" ang may pagmamalaking pagpapakilala ni Ka Andong kay Ador sa ibang mga kasama sa kampo. "Paglaki niya, tiyak na may bago na namang Pulang mandirigma!" At kunwa'y iniakma ni Ka Andong sa maliliit pang kamay ni Ador ang isang mahabang baril.

Noon pa man ay nagkukuryer na si Ador sa loob ng baryo. Kuryer pa rin siya, pero ngayo'y madalas na siyang lumabas ng baryo. Ang kanyang pagkilos ay inililihim nila ng kanyang ina sa kanyang amain. Kung hindi siya inaabutan sa bahay ng kanyang amain ay gumagawa ng dahilan ang kanyang ina.

Madalas namang wala sa bahay ang kanyang amain, dahil sa kanyang trabaho bilang magbababoy. May mga gabing hindi siya umuuwi. Sa gayong mga pagkakataon daw, sang-ayon sa kanya, siya ay nasa bayan at nakikipagmabutihan sa kanyang mga suki.

Minsan ay may nadiskubre ang kanyang ina: may itinatagong rebolber ang kanyang amain. Nang magtanong ang kanyang ina, sinabi ng kanyang

amaing ipinagbili daw ang baril sa kanya ng isang sundalong PC na nanganga-ilangan ng pera. Iminungkahi ng kanyang ina na ibigay na lang ang baril sa mga kasama at nang magamit. Saka na lang, ang sagot ng kanyang amain, at ilihim na lang daw nila sa mga kasama ang tungkol dito. Siya raw mismo ang mag-aabot sa mga kasama ng baril, isang araw.

NANG bumalik si Ka Andong ay naratnan niyang tulog na tulog si Ador. Marahan niya itong ginising. Pupungas-pungas pa si Ador nang lisanin nila ang gilid ng bundok. Patungo sila sa baryo nina Ador. May kasama silang tatlong Pulang mandirigma na naaarmasan ng mahahabang baril.

May sindi pa ang ilawang gasera sa bahay nina Ador nang dumating sila, pagkaraan ng dalawang oras na paglalakad. Nagpapahangin sa harap ng bahay ang amain ni Ador. Masigla ang pagbati nito sa kanila.

"Nadaan kayo, kadua! Kumain muna kayo. May kinarne akong aso kanina."

Binati si Ador ng kanyang amain, pero hindi niya pinansin ito. Patakbo siyang pumasok sa loob ng bahay. Sumunod si Ka Andong kay Ador para kausapin ang nanay ni Ador.

Nanatili sa labas ang tatlong Pulang mandirigma, nililibang ang amain ni Ador sa pag-uusap.

Maya-maya pa'y lumabas ng bahay si Ador, ang kanyang nanay, at si Ka Andong. Umiiyak sa galit ang nanay ni Ador.

"Mamamatay-tao!" ang mariing sumbat nito.

Nagulat ang amain ni Ador. Bago nito nailabas ang rebolber na nakatago sa kanyang tagiliran ay napilipit na ng mga Pulang mandirigma ang kanyang mga braso.

Lumapit si Ka Andong sa lalaki. "Dinadakip ka namin," anya, "para litisin sa iyong pagkilos laban sa masa at sa rebolusyon at lapatan ng nararapat na parusa."

Kinapa ni Ka Andong ang tagiliran ng lalaki at hinugot ang rebolber.

Hindi pa nakalalayo ang mga Pulang mandirigma na kumakaladkad sa amain ni Ador nang bumalik si Ka Andong sa kinatatayuan ng mag-ina. Inilagay ni Ka Andong ang rebolber sa palad ni Ador, sabay pisil sa balikat nito.

Mahigpit na hinawakan ng binatilyo ang baril.

"Para sa iyo iyan, Ka Ador."

Bago nakatalikod si Ka Andong ay hinawakan siya sa braso ni Ador. "Ka Andong," ang sabi nito, at may gumiting luha sa kanyang mga mata, "Sasama ako sa iyo."

**Ublog*. Pagtulog sa gilid ng bundok ng mga magsasakang aktibista bilang isang hakbang sa seguridad.

MAIKLING KWENTO



Dumausdos ang katawan ni Mang Pidiong sa sahig ng munting selda. Sumara ang mabigat na pintuan at nilamon siya ng kadiliman. Dali-daling lumapit sina Mila at Piping.

"Itay!" ang bulong ni Piping habang maingat na iniaangat ang ulo ng matanda sa kanyang kandungan.

"Wala silang nakuha sa akin . . ." anang matanda. "Papatayin daw nila ako . . . Ikako'y matanda na ako, di na naman gaano ang itatagal pa ng aking buhay . . ." Ipinikit ni Mang Pidiong ang kanyang mga mata at ipinaubaya ang sarili sa matinding pagod at antok.

Tumayo si Piping at lumakad patungo sa munting bintana ng bilangguan. Tumitig sa karimlan sa labas ng selda, parang may itinatanong sa kawalan. Paimpit siyang umiyak.

Nilapitan ni Mila ang binatilyo. Mahinahon niya itong kinausap wari'y nangungusap sa isang kapatid.

"Huwag, Piping. Kailangang maging matatag tayo. Walang dapat malaman ang mga demonyong iyan tungkol sa tambang mamayang umaga."

"Hindi ko na yata kaya, Ka Mila. Hindi ko kaya."

"Kaya mo, Piping, kaya nating lahat. Kailangang magtulungan tayo. Ang panghihina ng isa sa atin ay sapat na para manghina tayong lahat. Kumuha tayo ng lakas mula sa isa't isa. Huwag nating ipahamak ang mga kasama."

Tumigil sa pag-iyak si Piping. Marahan siyang tumango.

Naisip ni Mila ang mga kasama. Siguradong hindi sila mag-aagahan. Walang maghahatid ng pagkaing inihanda para sa kanila ng masa. Tiyak, madaling-araw pa lamang ay pupusisyon na ang mga Pulang mandirigma sa ambus sayt. Hihintayin nila ang pagsikat ng araw at pagdaan ng trak ng kaaway.

Walang dapat makapigil sa kanila. Walang dapat mapahamak sa mga kasama!

Biglang bumukas ang pinto ng selda. Nasilaw sina Mila sa ilaw na sumabog mula sa pasilyo. Ang liwanag ay tinakpan ng anino ng isang malaking sundalong tumayo sa may pintuan.

"Hoy! Ikaw, lalaki, labas!"

Tumingin si Piping kay Mila. Mariing pinisil ng babae ang kanyang balikat.

"Magpakatatag ka, kasama!" ang mariin niyang bulong.

Dahan-dahang lumakad si Piping. Mabigat ang kanyang mga paa. Pumasok ang sundalo at pinagtulakan si Piping papalabas ng selda.

Sumara ang pinto.

Lumapit si Mila sa pinto. Inilapat ang kanyang tenga sa puwang sa ilalim ng pinto upang makinig. Narinig niya ang mabibigat na yabag at pag-bukas-pagsara ng isa pang pinto. Katahimikan.

Pinilit pa rin niyang makinig. Ang hirap na paghinga lamang ni Mang Pidiong ang umabot sa kanyang mga tenga.

Tumayo siya at iginala ang kanyang paningin sa paligid. Tinitigan ang mamasa-masang pader na nagtatanod sa kanila. Ang malamig na singaw nito'y parang hininga ng isang napakalamig at napakalaking halimaw. Nanuot sa kanyang mga buto ang lamig. Pinapanglaw siya ng kadiliman.

Nagulat si Mila nang umubo si Mang Pidiong. Biglang pumasok sa kanyang isip ang kanyang ama.

Ang ama ni Mila ang nagmulat sa kanya tungkol sa sanhi ng kanilang kahirapan. Isang maralitang magsasaka ang kanyang ama. Mababa ang pinag-aralan ngunit hindi bingi o bulag sa nangyayari sa kanilang paligid. Malimit itong magreklamo sa kabaligtarang kung sino pa ang nagpapayaman sa lupa ay siyang nananatiling dukha. Nang maugnayan siya ng Bagong Hukbong Bayan at mapaliwanagan sa mga adhikain nito, buong-puso siyang sumapi sa kilusan. Ngayo'y buong-panahon siyang kumikilos sa hukbo. Ang ina ni Mila ay nasa hukbo rin.

Siyam na taong gulang pa lamang si Mila ay isinasama na siya ng kanyang mga magulang sa kanilang pagkilos. Tumutupad siya ng samut-saring gawaing ibinibigay ng mga kasama. Nang mag-dose anyos siya, ipinasya niyang kumilos na rin nang buong-panahon. Ngayo'y disisais anyos na siya.

Naalala niya ang madalas sabihin ng kanyang ama. "Ang rebolusyon ang tanging paraan para makaahon tayo at iba pang tulad natin sa hikahos na pamumuhay."

Naiyak si Mila. "Itay . . ." ang tawag niya.

Nagising si Mila. Nakaidlip siya. Tiningnan niya ang paligid. Naroon pa rin ang malamig na kadiliman. Tanging ang ilaw mula sa labas ng maliit na bintana ang tumatagos sa kadiliman.

Tumilaok ang manok. Lumakad si Mila patungo sa maliit na bintana. Tinitigan niya ang kawalan.

Aywan kung gaano siya katagal sa tapat ng bintana nang biglang bumukas ang pinto. Itinulak ng maitim na anino ang lupaypay na katawan ni Piping papasok sa selda. Umungol ang binatilyo paglagpak sa sahig. Sumara ang pinto.

Nilapitan ni Mila ang kaibigan. Kinalong niya ito. Nakaramdam siya

ng pag-agos ng mainit na likido sa kanyang mga braso. Dugo . . . Mula sa kaunting ilaw na lumalagos sa maliit na bintana'y naaninag ni Mila si Piping, pasa-pasa ang katawan, duguan ang ilong, putok ang labi. Bumabalisbis ang dugo sa kanyang mga pisngi't brasong may mababababaw na iwa ng kutsilyo. Tumulo ang luha ni Mila.

"Huwag kang umiyak, kasama," ang mahinang biro ni Piping. Mahina ngunit madiin niyang idinugtong, "Magtatagumpay tayo!"

Maingat na inihiga ni Mila si Piping. Pumutol siya ng kapirasong tela mula sa laylayan ng kanyang damit at dinampian ang mga sugat ng kasama. Hinayaan niya itong magpahinga.

Di naglao'y muling bumukas ang pinto. Sinalubong ni Mila ang aninong nakatayo sa bungad.

Maya-maya, ang katahimikan ay binasag ng nakatutulig na sigaw. Isang sigaw ng pagtutol, ng paglaban.

Nagulantang sina Piping at Mang Pidiong. Tinungo nila ang pinto para saklolohan ang kasama.

Nakatutulig ang katahimikang naghari.

Bumukas ang pinto. Lumayo sina Piping at Mang Pidiong. Lumakad ang isang babaeng pinagkurus nang mahigpit ang mga kamay sa dibdib. Nagtatawanan ang mga anino habang isinasara ang pinto.

Sinalubong nina Piping ang tulalang si Mila. Nagsisigaw ito nang hawakan siya ng binatilyo sa balikat. Niyugyog siya ng binatilyo. Ang kanyang pagsigaw ay nauwi sa paghagulgol.

Binangga ng katawan ni Piping ang pader. Pinagsusuntok niya ang pinto. "Mga hayop!" ang sigaw niya.

Nanatiling walang galaw si Mila, nakatingin sa labas ng bintana, sa malayo.

"Piping . . ." ang paimpit na usal ni Mila, papalakas. "Piping . . . mag-uumaga na!"

Tumingin sina Piping at Mang Pidiong sa labas ng bintana.

Nagtatagisan ang lakas ng dilim at liwanag. Bumabalot pa rin ang karimlan sa paligid, ngunit sa kalawakan ay nagsisimula nang tumagos ang mangilan-ngilang ulos ng ginintuang silahis mula sa bagong sumisibol na araw.

At nagbukang-liwayway. Sa labi ng mga bilanggo'y sumilay ang ngiti.

# ANG BATANG REBOLUSYONARYO




NAGSIMULANG MAGKA-INTERES SI MARLO SA REBOLUSYON NANG SUMANIB ANG KANYANG AMA SA SAMAHAN NG MGA MAGSASAKA
NAKIKIPAGKWENTUHAN SIYA SA MGA PULANG MANDIRIGMA.
KASAMA BAKIT BA MAY NAGRE-REBOLUSYON?
NAGBABASA RIN SIYA NG MGA REBOLUSYONARYONG BABASAHIN.
MARLO NAGAWA MO NA BA ANG ASAYNMENT MO?
OPO INANG.
AT NAKIKIPAGTALAKAYAN SA KAPWA BATA...
SI MR. TORIBIO ANG TINATAWAG NA PANGINOONG MAY-LUPA. SIYA ANG MAY-ARI NG LUPA NA SINASAKA NG MGA TATAY NATIN.
GAYUNDIN SA MATATANDA
MAKISAMA NA NGA AKO SA INYONG USAPAN MARLO.




IBA SA PAGLALARO. SA PAGLALARO NAPALAPIT SI MARLO SA KANILA, LALUNA SA LARONG BARIL BARILAN.
O SIGE IKAW ANG PC, KAMI ANG NPA!
KAPAG SILA'Y NAGPAPAHINGA.
ANG PC AY PARA SA PANGINOONG MAYLUPA. ANG NPA NAMAN AY PARA SA MGA MAGSASAKA AT IBA PANG API.
UMAABOT ANG KANILANG USAPAN SA MGA PROBLEMA NG
TAYO SA PAKIKIBAKA NG BUONG SAMBAYANAN
NAGING MATUNOG ANG PANGALAN NI MARLO SA IBA'T IBANG BARYO. SIYA ANG "BATANG NPA", "BATANG ORGANISADOR", "BATANG REBOLUSYONARYO".


NASAAN
SUBERSIBO?
WALA SIYA
MAKITA.
TULUYAN NANG HINDI UMUWI SI MARLO SA KANILANG BAHAY. NAGPASYA SIYANG MAGFULTAYM SA KILUSAN. MINSAN SA ISANG BARYO, NAGTAGPO SILANG MAG-ANAK.
BATA KA PA PARA DIYAN ANAK KO. PAANO NA ANG PAG-AARAL MO?
INANG, MABUTING HABANG BATA PA'Y MAG-UMPISA NA AKO PARA MAAGA PA'Y
AT KATAWAN.
ANG KANYANG


GAYUNMA'Y HINDI SIYA SALAT SA PAGKALINGA NG MARAMING MAGSASAKA. ISANG MAGSASAKA ANG NAGBIGAY SA KANYA NG DYAKET NA MAY NAKATAHI NANG MALAKING BULSA SA LIKOD BILANG PAK
TANDAAN MO KA MARLO. HUWAG KANG MAG-AATUBILING TAWAGIN KAMI KUNG KAILANGAN MO ANG TULONG.
NALUHA SA TUWA SI MARLO.
NALUBOS ANG KANYANG TUWA NANG ISYUHAN SIYA NG PALTIK BILANG PANDEPENSA NIYA SA KAAWAY.
SANA'Y DUMAMI PA ANG ATING BARIL, MGA KASAMA, PARA LAHAT NG MYEMBRO NG SAMAHAN NG MGA BATA AY MAGKAROON NA RIN.


HIGIT NA SUMIGLA SI MARLO SA PAG-OORGANISA'T PAGPA-PAKILOS SA SAMAHAN NG MGA BATA SA IBA'T IBANG BARYO.
AKTIBO ANG SAMAHANG ITO SA MOBILISASYON NG MASA...
IPATUPAD
AT SA IBA'T IBANG PARAAN NG PAG-SUPORTA SA ARMA-DONG PAKIKIBAKA.
ISANG BARYONG MALAPIT SA BAYAN
ISANG MAGSASAKA.


SAMANTALA, PALINGA-LINGA ANG PULIS.
NANG BIGLANG
HUWAG KANG KIKILOS NANG MASAMA KUNG HINDI'Y MAMAMATAY KA!
DAHAN-DAHANG LUMINGON ANG PULIS.
KUNIN ANG KANYANG BARIL!
DAPA!


NAITALI NA NG MGA BATA ANG KANILANG BIHAG NANG MAY MAALALA SI MARLO.
LAGI NATING ISAISIP NA HUWAG SAKTAN ANG BIHAG.
BINIGYAN NILA NG INUMIN AT TINAPAY ANG BIHAG NA PULIS.
PINALIWANAGAN NILA ITO TUNGKOL SA LAYUNIN NG REBOLUSYON AT BINALAANG HUWAG PA GAMIT SA KAAWAY.
ANG MGA BATA'Y
SA REBOLUSYON.
SIGASIG.

SALAYSAY

# TAPANG NG DALAWANG BATA SA HARAP NG PASISTANG BANGIS

Ito ay istorya ng dalawang matatapang bata na lumaban sa pasistang kabangisan.

Sila'y sina Mila, edad nwebe, at Beb[illegible] ed[illegible] sais, mga anak nina Albino at Semena Tup[illegible] Isa silang pamilya ng maralitang magsasaka [illegible] nagbukas ng sakahan sa gubat ng Santa R[illegible] Kanlurang Samar. Tubong-Leyte sila ngu[illegible] nang kamkamin ang kanilang lupang sakah[illegible] doon ay nagpa-Samar sila. Sa unang lima[illegible] buwan ng pagbubungkal ng lupa sa intery[illegible] madalas na bungang-ugat ang kanilang kinak[illegible] Kung minsan, wala silang ibang maipantaw[illegible] gutom kundi ubod ng anahaw at talbos [illegible] kamote.



Noong Oktubre, 1977, buhay na ang kanilang pag-asang sa wakas, ang kanilang paghihirap ay may hatid na masaganang ani ng mga butil ng palay na sa araw at gabi ng kanilang pagsisikap ay sasayaw-sayaw sa tangkay. Ngunit dumating ang beynte kwatro ng Oktubre. Palubog na ang araw sa silangan. Nagpuputol ng kahoy si Albino para gumawa ng kahong imbakan ng palay. Nagbibilot ng dahon ng tabako sina Semena at Bebe sa balkon ng kanilang sira-sirang kubo. Samantalang si Mila nama'y nasa bakura't nagbabayo ng kaunting palay mula sa unang ani.

Maya-maya, inihasik ng kamatayan ang kanyang anino sa palayang kanina lamang ay larawan ng pag-asa't ligaya. Ang dulo ng isang armalayt ay namataan ni Mila, nakatutok sa kanilang dampa. Sinigawan niya ang kanyang ina, ngunit kabubuka pa lamang ng kanyang mga labi'y nag-umpisa na ang pagpapaputok ng mga armalayt. Bumagsak sina Semena at Bebe. Gumulong si Mila para magtago sa kamotehan. Hinabol si Albino. Pinaulanan siya ng bala.

Pinaikutan ng mga demonyong sundalo ng 53rd PC Company ang sira-sirang kubo. Ang ilan ay umakyat at kinurakot ang kakaunting ari-arian ng maralita. Nilaslas nila ang mga unan at nakakita roon ng P130.00. Pinagdiskitahan nila ang plaslayt na pinakatagu-tago ni Albino sa loob ng kawayan. Pinagkaguluhan naman ng iba ang saging na pinitas ng mga bata para pahinugin. Habang gayon na lang kaabala ang mga walang-awang magnanakaw, si Mila ay gumapang sa kinaroroonan ng kanyang kapatid at ina. Batbat ng dugo ang kanilang katawan. Wakwak ang dibdib ni Semena, samantalang isang bala ang tumagos sa pisngi ni Bebe at lumabas sa kaliwang tenga. Namimilipit sa sakit si Bebe, at habang dumadaloy ang luha sa kanyang pisngi'y tinangka niyang gisingin ang ina. Nilapitan ni Mila ang kanyang kapatid at biglang tumahimik at magmukhang patay.

Muling lumupaypay si Bebe at ipinikit ang mata. Halos kaaatras pa lang ni Mila nang siyasatin ng mga kriminal ang mga biktima ng kanilang kabangisan. Sinipa ng isang sundalo ng kanyang duguang *combat shoes* ang lupaypay na si Semena para itihaya ito. Hinawakan naman ng isang sundalo sa paa ang nanlalatang si Bebe at inihagis sa halamanan. Tumilamsik ang kanyang walang-malay na dugo sa lupang nagpala sa kanilang mag-anak.

Walang kaimik-imik, buong tapang na sinubaybayan ni Mila ang lahat ng pangyayari. Hindi siya siguradong buhay pa ang kanyang ina pero alam niyang humihinga pa ang nakababata niyang kapatid. Nagpasya siyang mamalagi sa lugar kahit nanganganib na madiskubre siya ng kaaway. Sama-sama nilang pinagsaluhan ang ligaya't hirap sa kagubatan. Mamatamisin na niyang magkasama-sama sila sa iisang kapalaran: kamatayan. Sa kabilang banda, sakaling buhay pa ang kanyang ina't kapatid, gagawin niya ang lahat para sila'y tulungan. Buong tapang na gumapang si Mila sa kinaroroonan ni Bebe. Namumutla ang sugatang bata. Niyapos ni Mila ang kapatid at ang init ng yapos ang nagpagising kay Bebe. Nagsimulang umiyak si Bebe. Sasabayan na sana ni Mila si Bebe sa pag-iyak ngunit pinigil niya ang sarili. Inisip niyang ang buhay ng kanyang ina't kapatid ay nakadepende sa mahigpit niyang determinasyon. Umagos ang dugo ng kapatid sa kanyang braso, pababa sa kanyang palad. Kinuyom niya ang kamao na nabahiran ng dugo at sa kanyang murang isip ay nag-apoy ang hangad na maghiganti.

Papalubog na ang araw. Wala na ang maitim na anino ng mga pasistang sundalo. Isinakay ni Mila ang mahinang si Bebe sa kanyang likod para magpunta sa kinaroroonan ng kanilang mahal na ina. Ngunit hindi sapat ang lakas ni Mila sa bigat ni Bebe; nakatatanda man siya'y mas matipuno naman ang katawan ni Bebe.

Nadulas siya at kapwa sila gumulong sa lupa. Gayunma'y hindi binitiwan ni Mila si Bebe. Muli niya itong binuhat at isinakay sa kanyang likod.

Ang pagdating ng dalawang bata ay naramdaman ni Semena, na naghihingalo na. Nakayanan niyang ngumiti nang makita ang kanyang mga anak. Kinalong ni Mila ang putikang ulo ng ina at pinahid ang malamig na pawis sa noo nito ng kanyang maliliit na daliri. Hindi napigilan ni Mila ang sarili. Nanginig ang buo niyang katawan at umapaw ang luha sa namumula niyang mga mata. Ang katahimikan ng gabi'y binasag ng hagulhol ng dalawang ulila.

Sumiksik ang lamig sa katawan ng dalawang ulila. Inilapag ni Mila ang ulo ng ina sa mga tuyong dahon. Nag-usap ang dalawa at nagpasyang magtago sa gubat. Doon na nila hihintayin ang pagbubukang-liwayway at ang pagdating ng kanilang ama, kung siya'y buhay pa.

Si Albino na napalayo dahil sa paghabol ng kaaway ay bumalik sa kanilang kubo. Ngunit dahil sa dilim ay hindi niya natagpuan ang katawan ng kanyang asawa. Wala na ang mga bata, na noo'y nagpa-gubat na, kaya't inakala niyang dinala sila ng mga pasistang sundalo. Nagtungo siya sa baryo.

Lumabas ang bilog na buwan habang naglalakad ang dalawang ulila. Sa gubat, kumuha si Mila ng mga dahon ng hagikhik at inilatag para sa kanyang kapatid. Nanginginig sa ginaw at sakit si Bebe at hindi makatulog. Umaalingawngaw sa gubat ang malungkot na huni ng batu-bato. Umuungol si Bebe sa kirot. Sa kauna-unahang pagkakataon, pinangibabawan si Mila ng katahimikan at lungkot. Isang ibon ang dumapo sa ibabaw ng kanilang higaan. Pumasok sa isip ni Bebe ang mga istorya tungkol sa mangkukulam na nagiging mabalasik na ibon. Bumaling si Mila at sa nanginginig na tinig ay binugaw ang ibon. Bumalik ang kanyang tapang. Niyakap niya ang kanyang kapatid na nakatulog.



Nakaramdam si *Mila ng gutom. Ang kanyang* batang hangarin ay umindayog kasabay ng mga hinog na palay na sumasayaw sa *hangin kung* hapon.

Pumuputok na ang araw sa *silangan. Hindi* halos mapigilan ni Mila ang pangangaligkig ng ipin sa ginaw at gutom, samantalang ang *mukha* ni Bebe ay hindi na makilala dahil sa pamamaga ng sugat. Tinitigan ni Bebe ang kanyang kapatid at sa kauna-unahang pagkakatao'y natanto niyang kamukha si Mila ng kanilang ina.

Ipinasya nilang magpaikut-ikot sa gubat para lubos na makapagtago sa kaaway. Limang kilometro pa ang layo ng bahay ng kanilang lolo't lola. Pinakikilos ni Mila ang kapatid maski't *hindi ito tuminag.* Bumalong ang luha sa mata ni Mila nang matanaw niya ang kanilang lampa. *Kilala ng kanyang batang puso* ang damdamin ng isang ulila. Bumalik sila sa kanilang pinagmulan.

Basa sa hamog ang katawan ni Semena. Umupo ang dalawang bata sa tabi ng bangkay ng kanilang ina, tulad ng kanilang ginagawa paggising sa umaga, at sabay na tumulo ang kanilang luha. Kahit ang mga ibo'y tumahimik, nakikiisa sa lungkot ng mga bata. May kumislap sa daliri ni Semena. *Lumiwanag ang mukha* ni Mila sa pagkakaalala sa araw na iyong nagtungo sila sa Tacloban. *Hinugot niya sa daliri ng ina ang* singsing na nagkakahalaga ng limang piso at isinuot iyon sa kanyang *duguang hinlalaki.* Samantala, hinimas-himas ng maliliit na daliri ni Bebe ang putikang buhok ng kanyang *mahal* na ina. Niyapos ni Mila ang kapatid. Sa kahuli-hulihang pagkakatao'y iginala nila ang kanilang paningin sa lugar na dati'y kaharian ng kanilang saya, ng kanilang pag-asa. Sa paligid, ang mga tangkay ng palay ay nakayuko sa bigat ng butil — hindi nasindak sa mainit na halik ng bagong umaga.

*–Ka Viejo*

Timog Samar



## *BATAN-ON NGA KAISOG KONTRA PASISTA NGA KABANGIS*

Usa ini ka sugilanon han duha ka maisog nga bata nga nakigbisog kontra ha pasista nga kabangis.

Hi Mila ngan Bebe mga babayehay nga 3 ngan 6 anyos, nga anak ni Albino ngan Semena Tupas. An magtala-anak mga kablas nga parag-umga nga nagbungkag hin uma ha kagugub-an han Sta. Rita, Weste Samar. Taga Leyte ini hira hadto pero nahipalid ha kalarakan han Samar kay an ira tuna ha Leyte gin-agaw ha *mga salbahis nga asendero.* Ha lima ka bulan nira nga pag-inuma hinen kagugub-an, agsob duma la an ira ginkakaon. *Danay gad ubod nga* ngan ganas la an ira ginpatay han ira kaguton.

Hadton *Oktubre, 1977,* buhi na an ira paglaum nga ha katapusan an ira pag-antos ka baydan gihapon ha mga marimgas nga uhay han mga humay nga nagsayawsayaw ha mga tayud nga adlaw gab-i ira ginsusulsog. Pero inabot an Oktubre 24. Nanalidsid na an adlaw ha katunudan. Hi Albino nahigkahoy para himuon nga *buhusan pero* waray hiya mahirayo. Hi Semena ngan hi Bebe nanhingulod hin tabako ha luwang *ha rubaon nira nga* payag samtang hi Mila didto ha libong naggiok ha gutiay nga humay *nga una ginbari.*

Waray mag-iha, an lambong han kamatayon nagdagtom *ha kahumayan nga pira la ka gutlo* ladawan ha paglaum ngan kalipay. Nasiplatan ni Mila an buka han armalayt nga nahipunting ha ira payag. Ginulat hiya ha iya nanay pagpa-haba, pero waray pa kapara an iya pulong, nag-buto-buto an mga armalayt. Nanulog hi Semena ngan Bebe. Hi Mila pinulilid na sigad ngadto ha kamoti-an samtang hi Albino ginlanat ha mga kriminal ngan ginpauranan han masinggan.

Ginlibutan han mga salbahis nga kasundalu-han han 53rd PC Coy an rubaon nga payag. An iba sinaka ha payag ngan ginpangawat an inapi-nas nga butang han mga kablas. Ginbusbusan han mga tulisan an mga ulunan ngan ira gin-agian an kuwarta nga P130.00. An ispat nga ginhimos ni *Albino* ha bias gin-atagawan. Samtang an iba baga-baga mga kauultan nga nag-aragap ha hinog nga ninimusan han kabataan.

Samtang nalilibang an mga bungalos nga tikasan, ginkamang ni Milagros an lawas han iya manghod ngan inahan nga nagiunay ha kaluga-ngan nira nga dugo. Nagsugwak an dughan ni Semena samtang hi Bebe samdan ha bayhon nga sinapos ha talinga. Inaqumod ha kasakit an 6 siryos nga anghel ngan panarabigay an mga luha nga nagsanggpit ha magurang. Ginduokan ni Milagros an iya manghod ngan ginhuringan nga diri mag-aringasa, lugod magkapatay-patay na la kay an mga tampalasan nga de-kombat harani na.

Ginpiyong ni Bebe an iya mga mata nga pinalik paglukob. Igo la nga nakarsol ni Mila, hanginano an mga kriminal ha biktima ha ira kabangis. An lawas ni Semana ginbalikad nira ha ira mga dugoon nga kombat. An "patay" nga lawas ni Bebe ginpulot han usa ka tulisan, ginkatinan an duha nga tiil ngan ginhapil ngadto ha kagamutan. Nagtapsik an inosente niya nga dugo ngan sinaribo ha tuna nga nagha-tag ha ira hin kinabuhi.

Maisugon nga ginkulawan ni Mila an tanan nga panhitabo. Waray hiya kaseguronan ha kahimtang han iya inahan pero sayod hiya nga *buhi pa an iya manghod*. Nakahukom hiya nga diri magpahirayo bisan pa kun hiagi-an ha kaaway. Para ha iya, matam-is pa nga mag-unong hira nga tanan. Ha kamingaw ha kagu-ub-an nagkaurosa hira. Nagkasaro hira ha kalipay ngan kasakit. Matam-is para ha iya nga mag-unong na la hira ha kamatayon. Ha iyo nga bahin, kun buhi pa an iya nanay ngan



manghod, diri niya bayaan agud niya mabulig-an.

Waray kahadlok nga ginkamang ni Mila an nahimutangan ni Bebe. Mabusag-busagon na an kahimo ha samdon nga bata. Ginhangkupan han magurang an iya manghod ngan an kapaso han hangkop ni Mila nakapahimangno kan Bebe. Inawas an luha ha makaluluoy nga lumo-tod, buot na kunta dumuyog paggawas an luha ni Milagros. Narubu-ot anay hiya. Nahuna-hunaan niya nga an kinabuhi han iya nanay ngan bugto nasarig ha karig-on ha iya kabutu-on. An dugo han iya manghod linanay ha iya butkon ngan palad. Hugot niya nga ginkumo an dugo iya manghod nga nagbi-aw iya mga palad ngan hinarab ha lapyo niya nga hunahuna an panimalos.

Tunod na an adlaw ha paghangad ni Mila ha langit pero may bun-og pa ha katundan nga naghatag hin gutiay nga lamrag ha kalibutan. An maitom nga lambong han mga kasundaluhan ni *Marcos* *iniway na*. *Ginbaba ni Mila an manghod* nga Bebe ngan sinagka hira ha namurangan han ira minahal nga inahan. An kusog ni Mila diri sadang ha kabug-at ni Bebe tungod kay

[illegible] magurang hiya, iawasan ni Bebe. Nahiba[illegible] niya ngan napulilid an duha nga lumatod. Waray buhi ni Milagros an iya manghod. Gin[illegible] niya pag alsa ngan ginhaba.

Hi Semena nga naghambo ha kamatayon [illegible]matmatan ha pag-abot ha duha niya anak. May hiyom nga hinataw ha nagduru-as niya nga [illegible] im im pagkakita nga buhi an duha niya nga [illegible]. Ginsabak ni Mila an tuna-on nga ulo han [illegible] nanay ngan ginpahiran han mga gudti niya nga palad an mga mataghom nga balhas ha [illegible] han inahan. Waray kapugngi ni Mila an [illegible] kalugaringon, nabay-og an bug-os niya nga [illegible]was. Binaha an mapula niya mga mata. An kamingaw ha bag-o nga kagab-ihon natugaw ha [illegible] ha duha ka ilo.

Nanaupsop na an hagkot ha lawas han [illegible] ka binayaan kay ha pagrapidoha ha ira, [illegible] ira sul-ot. Gintukas ni Mila an ulo [illegible] nanay ngan ginpaulon ha mga laya. Nag[illegible] an duha ka ilo ngan nakahukom hira [illegible] la anay ha guba. Hulaton nira an [illegible] an pag-abot ba han ira amay kun

Hi Albino nga nahirayo ha paglanat han [illegible] binalik ha payag pero tungod ha kasi[illegible] waray niya hiagi-i an lawas han iya asawa. An mga bata hito nga higayon nagtago na ha [illegible]. Nakasiring hiya nga an iya pamilya [illegible] han mga pasista nga kasundaluhan. Li[illegible] niya ngadto ha baryo.

Sirang na an bulan ha ila-lima nga lakad. Nagkuha hi Mila hin dahon han mga hagikhik ngan ginbanig para ha manghod. Nagkadal ha hagkot ngan ul-ot ni Bebe. Waray ini mahinga[illegible]. An maminingaw nga huni nguro-kuro [illegible] nga nanuhut-suhot ha kagugub-an. Ha [illegible] nga higayon gin-alpan hiya ha kamingaw [illegible] kapungaw. Nag-inaroy hi Bebe ha kasuol [illegible] iya samad. Usa ka tamsi an hinapon [illegible] han ira ginhigdaan. Pinurok ha iya [illegible]ahuna an mga estorya ha danggab ngan wakwak. Ginakos hi Bebe han iya magurang. Binakdaw hi Mila ngan ha nagkurog nga tingog gin-abog an tamsi. Binalik an iya kaisog.

Ginakos ni Mila an iya manghod. Nahikaturog an samdan ha kapaso han lubas nga lawas ni Mila. Gin-abat na ni Mila an kagutom. An batan-on niya nga paghingandoy nakig-uyas-uas ha mga matimgas nga humay nga nagkiay-kiay ha harupoy han kakurulpon.

Namalasibas na an sinirangan. An sulang ni Mila diri na kapugngan ha hagkot ngan gutom samtang an kahimo ni Bebe diri na makilalan ha paghubag han iya samad. Ginkulawan ni Bebe an iya magurang ngan ha una nga higayon na kiaro niya nga an kahimo han iya bugto kabulaqway han iya inahan.

Nagsabot hira nga manuhot-suhot ha kagugub-an paglikaw ha kaaway. Lima pa ka kilometro an balay nga ira kaaayupaan. Nag-agda hi Mila ha manghod pero waray ini gulos. Nanhumog an mga mata nga naglantaw ha tayud.

An mategnum nga lawas ni Semena ginsulhogan han mga bosilak nga nag-way ha mga tonog. Liningkod an duha nga ilo ha giliran han ira minahal nga inahan sama ha agsob nira buhaton ha pagmata nira ha kaagahon. Nagdungan pagpanlugmaw an ira mga luha. Bisan an katamsihan tigda nga nanhuyo—dinuyog ha ira kasubo.

May nag-inggat ha tudlo ni Semena. Nangurisong an kahimo ni Mila nahinumdom ha malipayon nga adlaw ha pagkadto nira ha Tacloban. Ginkuha ni Mila an singsing nga tinag-singko pesos ngan ginbalhin ha dugoon niya nga tamuragko samtang an mga gudti nga tudlo ni Bebe nagsudlay ha tunaon nga buhok han ira minahal nga inahan.

Gin-atakbay ni Mila an pudo. Nangulaw hira ha palibot nga hadto ginhadian ha ira kalipay. An mga matimgas nga uhay han humay natungok—waray masindak ha mapaso nga harok han bag-o nga kaagahon.



Tula

## LUNTI AT KALAWANG

Magdamag ang buhos ng ulang
Sinaliwan ng ungol ng hanging
Badya ng pagbabagong-panahon:
Tagbagyo na naman.

Kaninang umagang pagpapahingalay
Sa tindi ng unos ng gabing nagdaan
Muli kong ginaygay ang paligid ng
Parisukat na daigdig kong ito
Upang kahit sandali'y maging saksi
Sa pamamanaag ng maagang araw.

Ilang umaga na bang sa paggaygay ko'y
Masungit na hadlang sa aking pananaw
Ang lambat ng tinik na itong
Hangganan ng hakbang
Maigting sa pagkakabanat
Nakaumang na patibong
Na iigkas at lalatay
Tinikang galamay ng palalong pader na natuwang
Agawan ang paningin ko
Ng liwanag mula sa silangan?

Sa isang sulok ng parisukat ako'y huminto't
Aking minasdan
Ang munting halamang binhing isinabog bago magtag-ulan
Gumagapang na ngayo't abot dibdib
Lipos ng tiwala sa bai-baitang na pangungunyapit.

Ang mumunting lunti ay namimilaylay na mga ngiting
Nakikipagtagisan
Sa pang-uuyam ng alambreng tinik na
Binabalot na ng pangangalawang.

At sa aking puso'y namilaylay din ang isang katotohanan
Marami pang bagyo ang darating
Na hahaplit ng ulang may ungol na hangin
Ang binhi ng pag-asang hasik ng pagsisikhay
Ay pangakong luntiang makikipagtagisan
Sa agnas ng kalawang
Tutubo't gagapang upang angkinin
Ang higit na maagang halik ng araw!

—G. Granate

17 Hulyo 1982

## PAGBUBUKSAN KA NG PINTO



Pagbubuksan ka ng pinto,
Pulang mandirigma,
Patutuluyin ka
Sa abung-abung na may init pa ng saleng.
Nakabalabal sa Kaigorotan ang lamig ng gabi
Sa paanang bundok na ito ng Gran Cordillera.
Nakaugat sa mga bato ang pino, kamote
At palay sa payaw. Ilang buwan lamang
Ang itatagal ng ani sa agamang.
Hindi araw-araw ay may laman ang gimata
Mula sa kaingin, o ang patibong sa gubat
Para sa usa't baboy-damo. Bato at bato
Ang daang patungo sa bawat pintuan
Ng bagong sonang ito, nagbubukas sa tawag
Ng ama't kapatid ng mga katutubo.
Nagtitipun-tipon sa dap-ay ang mga katutubo,
Nakapaligid sa liwanag at init ng saleng
Habang nagtatanod ang mga pino
Na ngayo'y inaangkin ng naghaharing-uri,
May sagitsit ng apoy sa ginaw ng gabi,
May talsik ng liwanag sa gatilyo ng M-16,
May bagong saleng na nagliliyab
Sa pagkakaisa ng mga katutubo't Pulang mandirigma.

Pagbubuksan ka ng pinto, patutuluyin ka
Sa abung-abung na lalaging may saleng.

Berting

Montanyosa
5 Hunyo 1982

Abung-abung. Katutubong bahay ng masang Igorot.
Saleng. Kahoy-panggatong mula sa pino.
Payaw. Hagdan-hagdang palayan.
Agamang. Bahay-imbakan ng palay.
Gimata. Dalawang malalaking bakol na nakatali sa magkabilang dulo ng pingga.
Dap-ay. Bahay-kumunal.

Ismayling

## KAKANTAHIN KO ANG ABAKADA



Makinig, mga kasama
Kakantahin ko ang ABAKADA
Kahit mahaba, malaman naman
Tulad ng ponsiada* kung pakinggan




Itong letrang A ang kauna-unahan
Para sa Asendero nitong kapuluan
Parang diyos nitong kabukiran
Sa kanyang pagsasamantala, huwag samahan

B BURUKRATANG KAPITALISTA

Samantalang ang letrang B para sa Burukratang
Kapitalista na humahawak ng poder
Poder ng gobyernong kanilang pinagpapasasaan
Dinadagdagan ang buwis na ipinapapasan sa bayan



KAPITALISMO

K

Kasunod ang letrang K para sa Kapitalismo
Ang koronang tinik ng mga manggagawa
Manggagawa'y mababa ang sahod
Silang may kapital ang sa tubo'y nagpapasasa



D

DIKTADOR

Kasunod ang letrang D, Diktador ang napormа
Si Diktador Marcos ang humawak
Malaking asendero, kumprador pasista
At masunuring [illegible] papet ng imperyalista



E

ESTADOS UNIDOS



Ang nabuong E, Estados Unidos
Hambog na superpawer at hindi raw magagapi
Maliit na bansa'y inaapi
Sa pagkatimawa nila'y di na makatiis

Diretso sa G para sa Gobyerno
Ginawa ng mga naghahari na kanilang trono
Pinamumunuan ni Marcos na matakaw
Ayaw mapalitan, kaya nag-*martial law*

G

GOBYERNO




Itong letrang H ay kumakatawan sa Hira**
Sila na nagpapahirap sa Inang Bayan
Taga-depensa nila'y mga unggoy na pasista
Narito ang isa pang pinuno nila***

H

HIRA (SILA)

I

IMPERYALISMO



Matigas bigkasin itong letrang I
Sa Imperyalismo ko ito gagamitin
Punong demonyo at pangunahing kalaban
Sinisipsip ang ating dugo, pawis at lakas

Mayroon pa sanang natitirang labindalawang letra
L, M, N, NGA, O, P, R, S, T, U, W, Y
Sa mga natitira'y piliin natin ang R
Nang sa gayo'y mabuo ang istorya ng ABAKADA

Ang R na aking pinili ay matagalang
Rebolusyon ito'y nararapat at napapanahon
Itong pag-aalsa ng mga api'y
Magpapabagsak sa mga nagpapahirap




R REBOLUSYON



Ang mga letrang ito'y malaking tulong
Upang maipabatid at maipabasa ang layon
Marami pang iba pang bagay ang matutunan
Sa pagbubuo ng mga salitang makabuluhan

Paumanhin sa mga nakikinig
Baka may maidagdag kayo kahit kaunti
Kung inyong durugtungan ang kanta ng ABAKADA
Sa inyong naisi'y kayo ang bahala.

Ka Arnol

**Pansiala* Kantang habang tinutugtog o inaawit
ay maaaring sabayan ng sayaw
***Hira* Sila, o silang naghahari sa gobyerno
***Imperyalismong Estados Unidos

## AN MGA LETRA AKON IGKAKANTA

Pamati hi kamo mga kasamahan
Hinen mga letra kay pagkakantahan
Bisan kon hilaba kay baga unoran
Sugad hin potiada nga pamamatian

Ine nga letra A kaunaunahan
Para han Agaron hinen katunaan
Daw dyos nga natukdaw dinhe ha kaumhan
Iya paniniyupi diri sasamahan

Aadi pa an B para Burukrata
Nga kapitalismo nakapot han renda
Renda han gobyerno hira nagparasa
[illegible]

Sumunod na an K an Kapitalismo
Kon na nga tunok han paragtrabaho
Mga trabahador hababo an sweldo
Iten may kapital nababak hin tubo

Susundan na han D, Diktador naporma
Hi Diktador Marcos angay magtagdara
Dako nga Agaron, komprador, pasista
Maupay nga papet han imperyalista

An nabug-os han E, Estados Unidos
Kuno superpawer diri daw matusios
Gudtiay nga nasud gintatalumpigos
Ha paniniyupi diri maaantos.

Dumiretso han G para Gobyerno
Kanan naghahadi ginhimo nga trono
Ginpapangunahan ni Marcos nga hakog
Nadiri saliwnan sanglit nag-martial law

Ine nga letra H ha pulong nga Hira,
Hira an nagpakuri han Iroy nga tuna
Tagdepensa nira unggoy nga pasista
Aadi an usa pa an puno ha ira.

Matig-a luwason inen I nga letra
Han Imperyalismo nakon gagamita
Puno nga demonyo syahan nga pangontra
Kusog balhas dugo pahuhubsan kita

Dose pa gad unta an sunod nga letra
L, M, N,-NGA, O, P, R, S, T, U, W, Y
Hinen mga bilin pipilion an R
Basi matiiran istorya han letra

R, ko nga pinili nabukod nalatat
Hinen Rebolusyon natukma nadapat
Ine an pag-alsa han natitiyupi
Magrurumpag hadton mga nagpakuri.

Inen mga letra dako an tambulig
Basi mahisumat mabasa an hilig
Damo gud nga butang an hibabaruan
Kaporma nga pulong may gud kahulugan.

Despensar ha iyo mga namamati
Bangin may magdugang bisan la maguti
Kun iyo sumpayan kanta han letra
Ha iyo pagbuot kamo an bahala.

Ka Arnol

# PINAYAYABONG NG MGA MAGSASAKA ANG REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN

— Ka Leandro



May kisap sa mga mata ni Ka Arnol. Ang ngiting pasalubong niya sa aming pagdating ay nakakapawi ng pagod. Magaan niyang inabot ang matitigas at ugatin niyang kamay, kasabay ng pagbati: "Mabuhay, kasama!"

Si Ka Arnol ay isang mandirigma ng rebolusyonaryong kanta at [illegible] isang magsasaka sa sonang [illegible] Samar.

Katatapos lang umulan ng hapong iyon. Ang papalubog na araw ay [illegible] ng kanyang mga huling liwanag. Mula sa kubo nina Ka Arnol ay natatanaw ang umaalong bundok. Ang baryong ito na walang pangalan maliban sa tunsag na "iligal na baryo" ay nasa isang malawak na kampong napalilibutan ng lupain at matukal na kaputatan. Naninirahan sa baryo ang mga magsasakang aktibista na nalantad sa kaaway at pinaghahanap ngayon ng mga pasistang tropa. Nagtatanim sila para sa pangangailangan ng kanilang pamilya sa tulong ng lokal na mga rebolusyonaryong organisasyon.

Kasama ni Ka Arnol [illegible] ang kanyang asawa, si Ka Maring. Madalas na may mga bata sa kanilang kubo, mga anak ng mga aktibistang kumikilos ng buong panahon at Pulang mandirigma. Sila ang mga apo ni Ka Arnol.

"Halos mag-aapat na taon na kami rito," ang pagsasalaysay ni Ka Arnol. "Sa simula, iilang pamilya kami, ngayo'y marami na. Para nang isang malaking kampo ng mga kasama at Pulang mandirigma!"

Kasapi si Ka Arnol sa sangay ng Partido Komunista sa baryo. Kilala siya sa katapatan at kasipagan mula pa noong sumanib siya sa rebolusyonaryong kilusan.

"Nalantad ako sa kaaway dahil sa isang traydor," ani Ka Arnol. "Ako pa nga ang napagtanungan ng mga naghahanap sa akin. Noon ko nalamang hindi na ako maaaring kumilos pa sa patag." Walang bahid ng pagsisisi sa kanyang tinig, kundi ang maluwag na pagtanggap sa binanggit niyang "liku-likong landas ng pakikibaka." Ngumunguya siya ng nganga sa pagitan ng kanyang pagsasalaysay, sabay haplos sa alaga niyang aso. Tuwing mababanggit sa baryo ang pangalan ni Ka Arnol, ito'y laging sinusundan ng "ang may alaga ng asong mulat!" Ang asong ito ay hindi lang nagbibigay-babala kapag may dumarating na mga "unggoy" sa baryo, [illegible] sa mga kasama.

Higit sa lahat, kilala si Ka Arnol sa kanyang mga kanta at tulang laganap sa baryo at sa iba pang bahagi ng sonang gerilya.

"Dati-rati'y taga-kampanya ako ng mga pulitikong kumakandidato sa aming bayan," ani Ka Arnol. "Kumakatha ako ng mga tula para pabanguhin sila. Pero parang nagpapataba lamang ako ng linta! Mga lintang pinulot sa sapa para ipasipsip ang sarili naming dugo . . . "

Tulad ng iba pang anak ng maralitang magsasaka, hanggang ikaapat na grado lamang ang natapos na pag-aaral ni Ka Arnol. Pinaunlad niya ang kanyang kakayahang bumasa't sumulat sa pamamagitan ng pagsasanay at hilig sa pagkatha ng mga kanta at tula. Nagbibinata pa lang siya'y popular na sa mga kababaryo niya dahil sa kanyang mga kathang inaawit o binibigkas sa mga pagtitipon o pagharana. Madalang ang dating ng mga babasahin mula sa ibang dako ng kapuluan sa bahaging ito ng Samar, pero mabilis lumaganap ang bawat kathang mula mismo sa mga magsasaka.

Sa pagpasok ng rebolusyonaryong kilusan sa kanilang baryo, ang mga likha, lalung-lalo ang mga kanta't tula, ay nagkaroon ng bagong nilalaman. "Ngayo'y nakatuon ang aming paglikha sa pagpapalaya sa

**"Ngayo'y nakatuon ang aming paglikha sa pagpapalaya sa mga api."**

[illegible] Madal [illegible] kanyang kalagayan.

Sa dinding ng kubong yari sa tuyong [illegible] ng atanaw ay nakasabit ang pugak [illegible] ni Ka Arnol, ang karaniwang sandata ng milisya sa baryo. Nakaimbak naman [illegible] isang sulok ang ilang gamit sa propa[illegible] tulad ng babasahin, pulang pintura [illegible] pa. Tuwing may kampanyang [illegible] naglalakad kami ng anim hanggang [illegible] kabundukan para mag[illegible] mga islogan sa haywey.

[illegible] niya ang isang lumang [illegible] notbuk. Puno [illegible] Waray ang notbuk. [illegible] lahat ang mga likhang inipi sa [illegible] ang rebolusyonaryong pahayagang [illegible] sa Samar o ibinahagi ng mga kasa[illegible] mula sa ibang parte ng rehiyon. Nasa huling mga pahina ng notbuk ang kanyang mga likha.

Sinabi ni Ka Arnol kung gaano itina[illegible] ng Pulang mandirigma ang kanyang [illegible] gayon din niya itinatangi ang not[illegible]buk na ito.

[illegible] niya ang sirkunstansya ng pagkakalikha ng [illegible] tula't kanta. Ang tulang "Luwa [illegible] [illegible] Kasan ay [illegible] niya [illegible] dalawang [illegible]



mang ikinasal sa loob ng Partido. Inihayag niya sa tula ang higit na malalim na pagmamahalang nakatuon sa paglilingkod sa bayan.

Sa tulang "Panangl̇it Ha Tubig" (Tulad ng Tubig), inihambing naman niya ang pag-unlad ng rebolusyon sa rumaragasang tubig sa kanayunan at kalunsuran.

**"Nakabalot sa aming magsasaka ang kamangmangan sa pagbasa't pagsulat, gayundin sa tunay na problema't solusyon sa aming kahirapan. Kayat nagsusumikap kaming bakahin ang dalawang klaseng ito ng kamangmangan"**

"Dati-rati," anya, "ang ikinukwento ko sa aking mga anak at apo ay pulos tungkol sa kababalaghan. Sa pagbabago ng aking kaisipa'y natutuhan ko na ring gumawa ng mga rebolusyonaryong likhain. Ito'y ibinabahagi ko sa mga bata ng bagong panahon." Isang halimbawa ng ganitong likhain ang "Aton Kantahin an Alpabeto" (Ating Kantahin ang Abakada) sa pormang ismayling na kinakanta't isinasayaw. Sa pamamagitan ng kantang ito, naituturo na ang Abakada'y nakapagpapaabot pa ng rebolusyonaryong mensahe.

Kinagigiliwan ng mga taumbaryo ang mga tula't kanta ni Ka Arnol: simple, makatawag-pansin at madaling bigkasi't unawain.

"Sa mahabang panahon," anya, "nakabalot sa aming mga magsasaka ang kamangmangan sa pagbasa't pagsulat, gayundin sa tunay na mga problema't solusyon sa aming kahirapan. Kayat nagsusumikap kaming bakahin ang dalawang klaseng ito ng kamangmangan." Ang kampanya para sa pagbaka ng kamangmangan sa hanay ng mga magsasaka ay masigasig na inilulunsad sa mga sonang gerilya sa Samar. Ito'y nakaugnay sa pang-araw-araw na buhay at pagkilos sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Malaganap na ginagamit ang mga likha ni Ka Arnol sa mga kampanyang ito.

Para sa pagpapahusay ng mga likha, bukas si Ka Arnol sa mga puna't mungkahi ng mga kasama at masa. Kadalasan pa ngang siya ang nagkukusang magtanong.

Pinagsaluhan namin para sa hapunan ang isang dalag na nahuli nina Ka Arnol sa sapa. Masaya ang aming giya, ang Pulang mandirigmang si Ka Tino, habang inaalalayan niya sa pagkain ang kanyang anak, si Ineng. Ang batang apat na taong gulang ay nasa pangangalaga nina Ka Arnol at Ka Maring. "Tiyak na magiging rebolusyonaryo ang anak ko," ang paniniyak ni Ka Tino, "basta nasa pangangalaga nina Ka Arnol."

Pagkahapunan, nagparinig si Ka Arnol ng kanyang mga kanta at tula. Mabikas ang kanyang tindig, ang kanyang



tinig ay tila makapangyarihang kislap ng liwanag na humahawi sa katahimikan at dilim ng gabi. Kumanta rin si Ineng ng isang kantang itinuro ng kanyang "lolo." Pagkakanta niya'y niyakap, siya ng kanyang amang Pulang mandirigma.

Sa higaang banig, mga ngiti ang aming huling nasilayan sa bawat mukhang naroroon nang hipan ni Ka Arnol ang ilaw ng gasera.

Kinaumagaha'y wala na sina Ka Arnol, maaga silang umalis para sumama sa tiklos o sama-samang paggawa sa bukid. Sa dulang ay may nakabalot na kakanin, pabaon nina Ka Arnol para sa aming paglalakbay sa araw ding iyon.

Bago namin iniwan ang kaingin para tumungo sa kagubatan ay nakita namin ang isang grupo ng mga magsasakang nagpapahinga sa kabilang bundok. Nagpaalaman kami sa pamamagitan ng pagtataas ng tikom na kamao at pagsigaw ng "Mabuhay!" Sa di kalayuan, isa pang grupo ng mga magsasaka ang nagpapahinga, nakapaikot sa isang kapwa nila magsasaka na bumibigkas ng tula: si Ka Arnol.

Handa na ngang anihin ang palay na pinaghirapan ng mga magsasaka. Ang gintuang palay na nagbibigay buhay sa kasukalan ng gubat, tulad ng mga kanta at tula ni Ka Arnol, ay nagpapaningning sa mukha ng bawat magsasaka.

Bukod sa tanim, pinayayabong ng mga magsasaka ang rebolusyonaryong sining at panitikan.



PAGSILBIHIN ANG PANITIKAN AT SINING
SA REBOLUSYONARYONG KILUSANG MASA
AT ARMADONG PAKIKIBAKA!

Ito ang pangkasalukuyang tungkulin ng *ULOS,* ang pambansang magasing pangkultura ng Rebolusyonaryong Pilipino.

Tangkilikin ang *ULOS*

*Basahin, talakayin at gamitin sa pagpapasigla ng gawain sa kilusang masa at armadong pakikibaka

*Magpadala ng mga likhang pampanitikan at pansining mula sa kanayunan

*Ipaabot ang puna at/o mungkahi para sa ibayong pagpapahusay sa nilalaman, istilo at pormat

*Mag-ambag ng tulong pampinansyal at iba pang materyal na tulong para sa regular na paglalabas